# MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY

## College of Teacher Education

*Center of Excellence in Teacher Education*

# Ugnayan ng Wika, Kultura at Lipunan

**MARIA ELIZA S. LOPEZ**
*Associate Professor IV*
lmeliza62@gmail.com

# Ang Wika at ang mga Katangian Nito

# Wika

- Ang wika ay isang likas at makataong pamamaraan ng paghahatid ng mga kaisipan, damdamin at mithiin (Edward Sapir).
- Ang wika ay isang sistema ng mga sagisag na binubuo at tinatanggap ng lipunan na ginagamit sa komunikasyon (Carrol).
- Ang wika ay masistemang balangkas ng sinasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong kabilang sa isang kultura (Henry Gleason).

# Wika

- Ang wika ay bahagi ng ating kultura. Ang wika bilang kultura ay kolektibong kaban ng karanasan ng tao sa tiyak na lugar at panahon ng kaniyang kasaysayan. Sa isang wika makikilala ng bayan ang kaniyang kultura at matututuhan niya itong angkinin at ipagmalaki.

- Hindi kailanman mapaghihiwalay ang wika at kultura, magkabuhol ang mga ito.

# Mga Katangian ng Wika

1. Ang wika ay isang sistema

   - konsistent at sistematikong nakaayos sa isang tiyak na balangkas.

   Hal. bisita maaga kasalan dumating hindi mahuli

   (Dumating nang maaga ang mga bisita upang hindi mahuli sa kasalan).

2. Ang wika ay binubuo ng mga tunog.

   - ang mga tunog ay nagagawa sa pamamagitan ng mga sangkap sa pagsasalita.

# Mga Katangian ng Wika

3. Ang wika ay arbitraryo

   - ang bawat wika ay may kani-kaniyang set ng palatunugan, leksikal, gramatikal na estruktura na ikinaiiba sa ibang wika.
   - ang nabuong mga salita at mga kahulugan ay pinagkasunduan ng mga taong kapangkat sa isang kultura.

4. Ang wika ay pinipili at isinasaayos

   - pinipili ang wikang ginagamit upang makapagbigay ng malinaw na mensahe.

# Mga Katangian ng Wika

5. Ang wika ay pantao

    -wikang pantao na kakaiba sa wikang panghayop

    - naililipat o naisasalin ang kultura ng mga tao sa pamamagitan ng wikang pantao

6. Ang wika ay buhay

    - nagbabago ang kahulugan at gamit nito

# Mga Katangian ng Wika

7. Ang wika ay ginagamit
   - ang wika ay kasangkapan sa komunikasyon at katulad ng iba pang kasangkapan, kailangan itong patuloy na gagamitin upang hindi mawalan ng saysay.
8. Ang wika ay nakabatay sa kultura
   - nagkakaiba-iba ang wika sa daigdig dahil sa pagkakaiba-iba ng kultura ng mga bansa.
   - nasasalamin ang kultura ng isang bansa gamit ang wika.

# Mga Katangian ng Wika

9. Ang wika ay nagbabago
   - dinamiko ang wika, nadaragdagan ng mga bagong bokabularyo.

10. Ang wika ay komunikasyon
    - ang tunay na wika ay sinasalita

11. Ang wika ay makapangyarihan
    - kasangkapan upang labanan ang bagay na salungat sa wastong pamamalakad at pagtrato sa tao.

    Hal. Uncle Tom's Cabin

# Mga Katangian ng Wika

12. Ang wika ay pantao

- Ang wika ay isang eksklusibong pag-aari ng mga tao na sila mismo ang lumikha at sila rin ang gumagamit.
- dala-dala ito ng tao bilang kasangkapan ng pakikipagtalastasan.

13. Ang wika ay kagila-gilalas

- maraming salita ang mahirap ipaliwanag

  Hal. hamburger, eggplant, hotdog

# Mga Katangian ng Wika

14. Ang wika ay natatangi
    - may kaibahan ang bawat wika sa ibang wika.
    - walang dalawang wika na magkatulad
    - bawat wika ay may sariling sistema ng palatunugan, palabuuan at palaugnayan
15. Ang wika ay naglalantad ng saloobin ng tao
    - naipapahayag ng tao ang kaniyang saloobin sa paraang pasulat man o pasalita

# Mga Katangian ng Wika

16. Ang wika ay malikhain

- ang anumang wika ay may abilidad na makabuo ng walang katapusang dami ng pangungusap.

17. Sosyo-politikal at Pilosopikal

- may politika rin ang wika
- ginagamit ang wika sa mga usaping panlipunan

# Sikolohiya ng Wikang Filipino

- Ang Sikolohiya ng Wikang Filipino ay ang pag-aaral sa karanasan, kaisipan at oryentasyong Pilipino
- Ang kultura at wika ng mga Filipino ay nakabatay sa:

  - Kamalayan (tumutukoy sa damdamin at kaalamang nararanasan
  - Ulirat (pakiramdam)
  - Sa isip (kaalaman at pagkaunawa)
  - Sa diwa (ugali, kilos o asal)
  - Kaluluwa (daan upang pag-aralan ang budhi ng tao) (Enriquez)

# Kolonyalismo at Wika

Ayon kay Cabasal, 2010:

- Ang wika ay higit pa sa kaniyang kahulugan bilang isang kasangkapan at sa pagpapahayag ng mga saloobin at pagbabahagi ng karunungan sa kapuwa.
- Bawat bansa sa buong mundo ay may sariling wika ayon sa kaniyang lahing pinagmulan at kasaysayang kinagisnan.
- Ito ang nagsisilbing pamantayan ng pagkakakilanlan ng mga lahi na sumasalamin sa damdamin at diwa nito.

# Kolonyalismo at Wika

- Larawan ito ng uri ng kanilang pamumuhay at pagkatao.
- Sa pamamagitan ng kanilang pananalita at pagtangkilik ng kanilang sariling wika ay nababanaagan din ang pagmamahal sa sariling bayan.
- Mapalad ang bansang Filipinas sa pag-aangkin niya ng katangi-tanging wika na mayaman sa kabuluhan na umiikot sa kasaysayan ng kaniyang kultura at panitikan sapagkat wika ang puso at isip ng anumang bayan.
- Sa pamamagitan ng wika, ang karunungan ng tao ay naitala sa dahon ng mga aklat na ipinapasa sa bawat salinlahi.

# Kolonyalismo at Wika

- Inilalarawan ang kalagayan ng buhay at iginuguhit ang kinabukasan.
- Natutuklasan ang katawagan sa isang bagay, nalalaman ang kaniyang kahulugan, at nauunawaan ang kaniyang katuturan.
- Masalimuot ang naging kasaysayan ng wika, lalo na ang paggamit ng wikang Ingles sa kasalukuyan.
- Malugod na tinanggap ang Ingles bilang pandaigdigang wika bilang susi ng globalisasyon, ngunit hindi kailanman ng kolonyalismo, dahil sa diwa ng nasyonalismo ay suliranin ito.

# Kolonyalismo at Wika

- Nagkukunwaring hindi matatas sa pananagalog na tila nabubulol at napipilipit ang dila.
- Nagkukubli kapag nagbabasa ng mga aklat na Pilipino ngunit lantaran naman kapag sikat na dayuhan ang may-akda.
- Madulas ang kamay sa pagsusulat ng Ingles ngunit pinapasma kapag Pilipino ang gamit na halos mapilay at maputol ang mga daliri.
- Pumapalakpak ang tainga sa pakikinig ng mga awiting Kano ngunit nabibingi kapag Pinoy ang mang-aawit.

# Kolonyalismo at Wika

- Lumilingap-lingap kapag nanonood ng mga Pilipinong palabas at pelikula dahil sa kahihiyan ngunit buong tutok na nakatunganga sa produksiyon ng ibang lupain.
- Mas mataas ang tingin sa sarili kapag nakikipagtalastasan sa Wikang Ingles ngunit ang Filipino ay para lamang sa paghahamak ng mga katulong at alila.
- Ang katawang nilisan ng kaniyang kaluluwa ay nagiging isang malamig na bangkay, anupa't ang wika ay kaluluwa ng bayan.
- Sinumang tumatakwil sa kaniyang sariling wika ay hinahanap ang kamatayan ng kaniyang bayan.

# References:


Cabasal, H. Posted September 9, 2010 https://www.tinig.com/wika-ng-nasyonalismo-kolonyalismo-at-globalisasyon-sa-pilipinas/ Retrieved: August 14, 2020.

Valle Rey M. Mga Katangian ng Wika. Posted July 22, 2019. https://philnews.ph/2019/07/22/katangian-ng-wika-at-kahlugan/ Retrieved August 19, 2019.

Villaluz, S. Sikolohiyang Pilipino, Sikolohiyang Maka-filipino: Ang Ambag Ni Virgilio G. Enriquez Sa Pagsusulong Ng Wikang Filipino Sa Sikolohiya. https://www.academia.edu/30145058/sikolohiyang_pilipino_sikolohiyang_maka-filipino_ang_ambag_ni_virgilio_g._enriquez_sa_pagsusulong_ng_wikang_filipino_sa_sikolohiya Retrieved August 16, 2019.

Sikolohiya ng Wikang Filipino Posted November 16, 2009. https://liancvivas.wordpress.com/2009/11/16/sikolohiya-ng-wikang-filipino/ Retrieved August 15, 2019.



# Get in Touch With Us

Send us a message or visit us

Laoag City, Ilocos Norte, Philippines
(63) 77-600-2014
cte@mmsu.edu.ph

Follow us for updates

facebook.com/MMSUofficial
www.mmsu.edu.ph